GABAY SA TAGALOG · KEE PHILIPPINE MISSIONS

Paano Gamitin ang Messenger 8

Ang iyong audio Bible na pinapagana ng araw





Maligayang pagdating! Ang hawak mo ay isang **Messenger 8**, maliit na audio Bible na gawa ng In Touch Ministries. Nasa loob nito ang buong Biblia, mga mensahe ni Pastor Charles Stanley, ang *30 Life Principles*, isang FM na radyo at isang flashlight. Hindi mo kailangan ng internet o kuryente sa bahay: kaya itong i-charge sa araw.

Ang gabay na ito ay isinulat namin sa simpleng Tagalog para madali mo itong magamit. Basahin mo nang dahan-dahan, at subukan ang bawat hakbang habang hawak mo ang device.

Bago ang lahat: i-charge muna nang buo ang Messenger bago gamitin sa unang pagkakataon. Bahagya lang ang karga nito pagdating sa iyo.

1 · Pagbukas at pagpatay

- Para **buksan**: pindutin nang matagal ang **Power** (mga 2 segundo) hanggang tumunog ito nang isang beses.
- Para **patayin**: pindutin ulit nang matagal ang **Power**. Dalawang beses itong tutunog.

- Kung naka-pause ito nang 15 minuto, kusa itong mamamatay para makatipid sa baterya.

2 · Ang ilaw sa itaas ng mga pindutan

Sinasabi sa iyo ng maliit na ilaw kung ano ang pinakikinggan mo:

- 🔴 **Pula** · Mga Mensahe at ang Life Principles
- 🟢 **Berde** · Ang Biblia, o ang laman ng micro-SD card
- 🟡 **Dilaw** · Radyo

3 · Ang mga pindutan

Pindutan	Pindot nang mabilis	Pindot nang 2 segundo
Power	Sinusuri ang baterya (habang nakabukas)	Bukas o patay
Messages	Lipat sa pagitan ng mga Mensahe at ng Life Principles	Balik sa simula ng mga Mensahe
Bible	Lipat sa susunod na bahagi ng Biblia	Balik sa simula ng Biblia (Genesis)
Language	Lipat sa susunod na wika	Lipat sa micro-SD card, at pabalik
Pause	Pansamantalang ihinto, o ituloy	Maglagay ng bookmark
Book, Chapter, File (pabalik at pasulong)	Isang aklat, kabanata o mensahe pabalik o pasulong	Limang hakbang nang sabay-sabay
Volume (lakas at hina)	Palakasin o hinaan ang tunog	
Radio		Buksan ang radyo

Torch	Ilaw: hina, katamtaman, lakas, patay	Pinakamalakas na ilaw habang nakapindot

4 · Pakikinig sa Biblia

Hinati ang Biblia sa tatlong bahagi. Pindutin nang mabilis ang **Bible** para lumipat sa bawat isa:

1. **Genesis hanggang Job**
2. **Mga Awit hanggang Malakias**
3. **Ang Bagong Tipan** (Mateo hanggang Apocalipsis)

Para lumipat ng **aklat**, gamitin ang mga pindutang **Book**. Para lumipat ng **kabanata**, gamitin ang **Chapter**. Kapag pinindot mo nang matagal, limang aklat o kabanata ang lalaktawan, at tuloy-tuloy ito habang nakapindot ka.

5 · Mga Mensahe at ang Life Principles

Pindutin nang mabilis ang **Messages** para lumipat sa pagitan ng mga mensahe ni Pastor Charles Stanley at ng kaniyang *30 Life Principles*. Gamitin ang mga pindutang **File** para pumunta sa susunod o naunang mensahe.

6 · Ibang wika

Kung may iba pang wika sa iyong Messenger, pindutin nang mabilis ang **Language** para lumipat sa susunod na wika.

7 · Bookmark: balikan kung saan ka huminto

- Habang nakikinig, pindutin nang matagal ang **Pause** (2 segundo). Tatlong beses itong tutunog, at mananatiling naka-pause.
- Sa susunod na buksan mo ang Messenger, doon mismo ito magpapatuloy.

- Gusto mong bumalik sa simula? Pindutin muna nang mabilis ang **Pause**, saka pindutin ulit nang matagal.

8 · Radyo

- Pindutin nang matagal ang **Radio**. Magiging **dilaw** ang ilaw.
- Para maghanap ng istasyon, pindutin nang matagal ang pindutang pang-frequency (pabalik o pasulong). Kusa itong titigil sa susunod na istasyon.
- Para iayos nang paunti-unti, pindutin nang mabilis ang mga pindutang pang-frequency.
- May limang naka-save na istasyon. Pindutin nang mabilis ang isa para makinig. Para i-save ang istasyong naririnig mo, pindutin nang matagal ang isa sa lima.

9 · Flashlight

Pindutin nang mabilis ang **Torch**: hina, katamtaman, lakas, at patay. Gumagana ito kahit nakapatay ang Messenger, at kusang namamatay pagkalipas ng 15 minuto.

10 · Pag-charge

Sa saksakan: isaksak ang kasamang cable sa USB charger (5V). Mga **5½ oras** kung ubos na ang baterya. Kumikislap ang ilaw habang nagcha-charge, at titigil kapag puno na.

Sa araw: iharap ang solar panel sa likod sa maliwanag na sikat ng araw. Mga **9 na oras** kung ubos na ang baterya. Hindi kumikislap ang ilaw kapag sa araw nagcha-charge.

Sa computer: puwede rin sa USB ng computer, mga 5½ oras din.

Para malaman ang natitirang baterya: habang nakabukas, pindutin nang mabilis ang **Power**. Kikislap ang ilaw nang 2 segundo:

- 🟢 Berde · marami pa (70 hanggang 100%)
- 🟡 Dilaw · katamtaman (15 hanggang 69%)
- 🔴 Pula · paubos na (1 hanggang 14%): i-charge na

Kung itatabi mo nang matagal, i-charge muna ito nang kalahati man lang, at i-charge ulit tuwing anim na buwan.

11 · Micro-SD card

- Ipasok ang card sa maliit na butas hanggang lumagitik ito, nakaharap pataas ang kulay-gintong bahagi.
- Pindutin nang matagal ang **Language** para pakinggan ang laman ng card. Magiging **berde** ang ilaw. Pindutin ulit nang matagal para bumalik.
- Para alisin, itulak nang marahan ang card, at lalabas ito.

12 · Earphones

Isaksak ang earphones sa butas na pang-audio. Kusang tatahimik ang speaker para ikaw lang ang makarinig.

13 · Pag-iingat

- Huwag masyadong lakasan kapag naka-earphones, para hindi masira ang pandinig.
- Ilayo sa apoy at sa sobrang init. Huwag iwanan sa loob ng mainit na sasakyan.
- Kung uminit nang kakaiba, umamoy, nagbago ang kulay, tumagas o nabaluktot, itigil ang paggamit at ipatingin sa marunong.
- Ilayo ang baterya sa mga bata. Huwag itong buksan, butasin o sunugin.
- Kapag tumama sa balat ang likido ng baterya, hugasan agad ng tubig na umaagos. Kung napunta sa mata o nalunok, magpatingin agad sa doktor.

May tanong?

Lapitan ang nagbigay sa iyo ng Messenger, o sumulat sa In Touch Ministries: messenger@intouch.org (sa Ingles).

Ang mga gabay sa Ingles mula sa In Touch Ministries: Quick Start Guide (PDF, 453 KB) · Full User Guide (PDF, 5.5 MB)

Isinulat ng KEE Philippine Missions sa sarili naming pananalita, batay sa *Messenger 8 User Manual* ng In Touch Ministries, Atlanta, Georgia (2025). Ang Messenger 8 at ang orihinal na manwal ay pag-aari ng In Touch Ministries. Libreng i-print at ibahagi; huwag ipagbili.

Mula sa *Panginoon, Ibigay Mo sa Amin ang Bundok na Ito* · lordgiveusthismountain.netlify.app/tagalog · Oktubre 2026